

# Pahayagan ng Yaizu



**Enero (1月 Ichi gatsu) 2026(令和8年 Reiwa 8 nen) /￥０**

QR code

TAGALOG
(タガログ語)

Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho)Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32　Yaizu City Hall Main 3F TEL: 054-626-2191　http://www.city.yaizu.lg.jp

**Iskedyul ng Interpreter** **【Munisipyo Main branch】** English:Lunes~Biyernes 9:00am~4:30pm /
Tagalog/Bisaya/Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes9:00am~4:30pm
Spanish:Lunes,Miyerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm　※Walang Interpreter: 12noon~1:00pm.
**【Oigawa branch】** Portuguese:Enero 15(Ika-3 na Huwebes)　9:30am~11:30am/
Tagalog・Bisaya:Enero 8 & 22(Ika-2 at Ika-4 na Huwebes) 9:00am~11:30am




2026　Taon ng Kabayo
*"Uma-doshi"*

## あけましておめでとうございます

***AKEMASHITE OMEDETO GOZAIMASU*** **(Maligayang Bagong Taon)**
ことしもよろしくおねがいします
***KOTOSHIMO YOROSHIKU ONEGAISHIMASU***
**(Naway magkaroon tayo muli ng magandang ugnayan sa panibagong taon)**




**Bayad sa Pagsali ¥0**

## Halina't magsaya tayo sa「Currolling」

**MAY PREMYO!**

Alam niyo po ba ang sport na tinatawag na「Currolling」? Ang「Curling」ay sport na nilalaro sa ibabaw ng yelo at ang「Currolling」naman ay nilalaro sa sahig. Maaaring sumali kahit mag-isa ka lang. Maaari rin sumali kasama ang pamilya at kaibigan.May taong gagabay at magtuturo,kaya pwede kahit baguhan.Mag-eenjoy kang maglaro kasama ang mga Hapon sa iisang team.May premyo ang mananalong team.



**Araw・Oras**：Enero 25,2026 (Linggo)　9:30am~11:30am (Resepsyon　9:15am)
**Lugar**: Sentro ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng Wada
(Wada Chiiki Koryu Senta) Multi-purpose Hall（Yaizu-shi Tajiri 1992-2）
**Kapasidad**: Mga 40 katao
**Angkop**：kahit na sino(pwede sa lahat)
**Pagpaparehistro**：Magparehistro gamit ang URL o QR code sa ibaba.
Maaari din magparehistro sa tawag o E-mail. https://logoform.jp/form/tWbQ/1349622
**Deadline**：Enero 16（Biyernes）
**Matatawagan**：Yaizu International Friendship Association Tagapag-organisa
(Yaizu-shi Kokusai Yuko Kyokai Jimukyoku)
(Yaizu City Hall Seksyon ng Tangkakakal sa Pakikipagtulungan(Yaizu-shi Kyodo Suishin-ka)
Tagapangasiwa: Mr. Okugawa・Ms. Hashigaya
Telepono: 054-626-2191（Lunes~Biyernes　8:30am~5:15pm）
E-mail: kyodo@city.yaizu.lg.jp

Para sa magpaparehistro

## ■Aplikasyon ng tulong sa pag-aaral (Shugaku enjo no moshikomi)■


Mayroong sistema ng pagbibigay ng bahagyang tulong para sa gastusin sa paaralan(tulad ng gagamitin sa pag-aaral at bayad sa tanghalian:***kyushoku*** at iba pa).
Mga angkop na pamamahay ay mga hirap sa pagbabayad ng kinakailangan na gastusin sa pag-aaral ng anak sa Elementary at Junior High School dahil mababa ang sahod at iba pa.
**Para sa karagdagang detalye,** magtanong sa Seksyon ng Pangkalahatang Pangangasiwa sa Edukasyon (Kyoiku Somu-ka) o sa pinapasukang paaralan ng anak.

**【Angkop】** Taong nabibilang alinman sa ① **o** ②
①Mga pamamahay na tumatanggap ng tulong sa Pamumuhay:***Seikatsu Hogo***
②Mga pamamahay na gipit sa pinansyal na halos katulad sa Pamamahay na tumatanggap ng tulong sa Pamumuhay:***Seikatsu Hogo Setai***
**【Paraan ng pag-apply】** Sulatan ang「***Shugaku Enjo Shinseisho***:application form ng subsidiya sa pag-aaral」. Isumite ito kasama ng kinakailangang dokumento sa opisina ng paaralan.
**【At iba pa】** Para sa nabibilang sa ②,mga magulang ng bagong mag-aaral(Grade 1 sa Elementary at First year sa Junior High School) na nangangailangan ng tulong para sa gastusin sa paaralan bago ang pasukan：**Shinnyugaku Gakuyohinhi**(pera para sa pagbili ng kagamitang kailangan bago ang pasukan),Isumite ng application form sa papasukang o sa pinapasukang Elementarya mula sa **Enero 5(Lunes)～Enero 23(Biyernes).**
**【Katanungan】** Seksyon ng Pangkalahatang Pangangasiwa sa Edukasyon(Kyoiku Somu-ka)　☏054-625-8156

## ■Survey sa mga mamamayan kaugnay ng pangkalahatang pagpaplano sa Yaizu City ■
### Yaizushi sogo keikaku shimin anketo chosa

Magsasagawa ng survey upang malaman ang antas ng pagkakuntento ng lahat ng mamamayan. Sa mga makakatanggap ng survey sa pamamagitan ng mail,hinihinkayat namin ang iyong pakikipagtulungan. Magtanong para sa mga bagay na hindi alam.

【Angkop】 1,800 na mamamayan na may edad 18 taong gulang pataas
【Panahon ng Pagsasagawa】Enero 9,2026 (biyernes) hanggang Pebrero 3,2026(Martes)
【Paraan ng Pagsagot】Sagutin at ipadala sa amin o sagutin sa Online.
【Matatawagan】Seksyon ng Pagpaplano ng Patakaran(Seisaku Kikaku-ka)☏054-626-2141



## Yaizu City Hatachi Gathering 2026 (Reiwa 8) Reiwa 8nen (2026) Yaizu-shi hatachi no tsudoi

Idinaraos namin ang "Yaizu City Hatachi Gathering 2026". Ito ay isang pagdiriwang para sa magiging 20 taong gulang ,mga ipinanganak sa pagitan ng Abril 2, 2005~Abril 1, 2006. Nagpadala ng imbitasyon noong Hunyo,para sa mga karapat-dapat na indibidwal. Maaari pa ring makilahok sa mismong araw kahit walang imbitasyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng lungsod.

【website】 https://www.city.yaizu.lg.jp/child-edu/youth/hatachi-tsudoi/index.html
【Petsa】 Enero 11, 2026(Linggo)
【Venue】 Yaizu Cultural Center (Yaizu bunka kaikan)
【Contact】 Smile Life Promotion Division ☎054-631-6862



## ■Pambansang Pensyon kapag naging 20 taong gulang■
### Hatachi ni nattara kokumin nenkin



Ang lahat ng naninirahan sa Japan at nasa edad 20~59 taong gulang ay dapat pumasok sa Pambansang Pensyon at magbayad ng kontribusyon nito. Sa indibidwal na ganap na 20 taong gulang sila ay makakatanggap ng notipikasyon ukol sa pagpasok sa Pambansang Pensyon mula sa Japan Pension Service:Nihon Nenkin Kiko. Para sa mga indibidwal na mababa ang kita at hirap sa pagbayad nito,mayroong sistema para pagpapababa ng insurance premium at pagpapaliban ng pagbabayad.
Para sa karagdagdang katanungan sa detalye.
【Matatawagan】
National Health Insurance at Pension Division (Kokuho Nenkin-ka) ☏054-626-1114
Japan Pension Center Shimada office
☏0547-36-2211

## ■Bago at pagkatapos ang panganganak,ay magbibigay ng exemption sa Kontribusyon ng National Pension(Kokumin Nenkin) at National Health Insurance Tax(Kokumin Kenko Hokenzei) ■
### (Shussan mae to ato ha Kokumin nenkin to Kokumin Kenko Hoken ga menjo)

Ang kontribusyon ng national pension(Kokumin Nenkin) at buwis ng National Health Insurance (Kokumin Kenko Hokenzei) ay magbibigay ng exemption sa loob ng apat na buwan simula sa buwan ng panganganak o kaya sa buwan bago ang inaasahang araw ng panganganak. Hahaba ang buwan ng exemption para sa maramihang panganganak.

**※Angkop ang nanganak sa matapos ang 85 araw(Apat(4) na buwan)**
**(kabilang ang mga nanganak ng walang buhay na sanggol, pagkalaglag,at napaagang panganganak)**

**Ukol sa Japan Pension(Kokumin Nenkin)**
【Matatawagan】 Seksyon ng National Pension and Health Insurance ☏054-626-1114
Japan Pension Center Shimada Pension Office(Nihon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho) ☏0547-36-2211

**Ukol sa National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken)**
【Matatawagan】 Seksyon ng National Pension and Health Insurance ☏054-626-1113

## ■Bahagyang tulong para sa mga gastos sa bakuna sa RS virus para sa mga buntis
### Ninshin shiteiruhito taisyo RS uirusu wakuchin no josei ■

Sasagutin ng Yaizu City ang bahagi ng halaga ng maternal at child respiratory syncytial virus vaccine. Sisimulan ang mga pagbabakuna sa Enero 1, 2026.
【Qualification】 Residente ng Yaizu na 24 hanggang 36 na linggong pagbubuntis sa araw ng pagbabakuna.
【Subsidy】 15,000 yen (isang beses lamang sa bawat pagbubuntis) (Sagot ng lungsod ang buong halaga para sa mga pamamahay ng seikatsuhogo.)

*** Mangyaring magtanong para sa mga detalye para sa tulong na ito at mga institusyong medikal na nag-aalok ng bakuna.**

【Contact】 Health Promotion Division, ☎ 054-626-4111

## ■Bayarin sa Municipal tax Shizei no nofu■

Bayaran ang 4th term Fixed Asset Tax(Kotei Shisanzei) at 7th term National Health Insurance Tax(Kokumin Kenko Hokenzei) hanggang sa Pebrero 5(huwebes).
【Katanungan】Tax payment collection division(Nozei Sokushin-ka) ☏054-626-2147

## ■Ipapadala ang「Notipikasyon sa binayarang halaga sa National Health Insurance Tax･Late-stage medical insurance ng Matatanda･Long-term care insurance premium」■

### Kokumin kenko hokenzei･koki koreisha iryo hokenryo･kaigo hokenryo no nofuzumigaku no oshirase

Ipapadala ang postcard na naglalaman ng halaga ng iyong binayaran simula Enero~Disyembre 2025 na「National Health Insurance Tax:**Kokumin Kenko Hokenzei**, Late-stageMedical Insurance ng Matatanda:**Koki Koreisha Iryo Hokenryo** Long-term Care Insurance:**Kaigo Hokenryo**」 sa **katapusang linggo ng Enero**.
Kailangan ito para sa pag-aplay ng Final Income Tax Return. Ingatan niyo ito ng maayos.


【Matatawagan】
・Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei)
  Seksyon ukol sa pagbabayad ng buwis(Nozei Sokushin-ka)　☏054-626-2147
・Ukol sa Bayarin sa Late-stage medical care ng Matatanda(Koki Koreisha Iryo Hokenryo)
  Seksyon ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokuho Nenkin-ka)　☏054-626-2164
・Kontribusyon sa Long-term care insurance (Kaigo Hokenryo)
  Seksyon ng Seguro sa Pangangalaga (Kaigo Hoken-ka) ☏054-626-1159

## Isang pagtitipon para mag-enjoy mag-kape at mga aklat ni Yakumo Koizumi

### Kohi to Koizumi Yakumo no hon wo tanoshimu

Alamin kung paano gumawa ng kape mula sa iyong guro. Humigop ng kape habang nakikinig sa libro ni Yakumo Koizumi(kilala rin bilang Lafcadio Hearn) sa English.

【Araw・Oras ng pagbubukas】 Sabado, Enero 24,2026 10:00~11:00am
【Halaga】500 yen
【Venue】 Oigawa Library Exhibition Room
【Application】 Biyernes, Enero 9, 9:00 AM. Mag-apply online,
sa pamamagitan ng telepono, o sa Oigawa Library counter.
【Website】 https://toshokan-yaizu.jp/event/e-7009
【Contact】 Oigawa Library(Oigawa Toshokan), 054-622-9000



【Web site】



## ■Mag-ingat tayo sa Influenza　(Infuruenza kiwotsukete)■

Ang influenza ay sanhi kapag ang influenza virus ay pumasok sa katawan. Kasama sa mga sintomas ang mataas na lagnat, pananakit ng ulo, at pananakit ng kasukasuan at kalamnan. May mga tao din na nagiging malubha ang lagay ng sintomas. Ang bawat isa ay nararapat mag-ingat na hindi 「mahawa」 o 「makahawa」.

### ◆Mga dapat gawin para di mahawa o makahawa◆



**<Paghuhugas ng kamay>**Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay, lalo na sa mga pagkakataon na ①～③ sa ibaba.
①Uuwi mula sa labas,②Bago kumain,③Bago at Pagkatapos magluto atbp.
**<Pagsuot ng Mask>**Kapag pupunta sa lugar na maraming tao,magsuot ng mask bilang pang-iwas sa impeksyon.Mag-mask kapag bumahing o umuubo.
**<Pagpapahangin>**Palitan ang hangin sa kwarto paminsan-minsan.
【Matatawagan】Seksyon ng Pag-aalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka ☎054-627-4111

## ■ Sili-aralan para sa Paghahanda sa Kalamidad ng Lungsod ng Yaizu "Shieru"

### Yaizu-shi bosai gakusyushitsu “shieru”■

Maaari mong maranasan ang pagyanig ng malalaking lindol na naganap noong nakaraan sa Japan (mula intensity 3 ~ 7), at makakaranas ng pinsala sa hangin at baha sa pamamagitan ng 3D video. Maaari mo ring tingnan ang impormasyon sa paghahanda sa sakuna na nasa iba't-ibang wika. Ang pagpasok ay libre (0 yen). Magsaya habang natututo ng paghahanda sa kalamidad!



【Oras ng Pagbubukas】 9:00 AM hanggang 5:00 PM
【Sarado】 Mga Piyesta Opisyal ng Bagong Taon
(Sabado, Disyembre 27, 2025 hanggang Sabado, Enero 3, 2026)
【Lokasyon】 Fire and Disaster Prevention Center　1F (Shobo Bosai Senta),
(1-6-1 Ishizu, Yaizu City, Shizuoka Prefecture)
【Contact】 Community Disaster Prevention Division, Disaster Prevention Center,
(Chiiki Bosai Ka Shobo Bosai Senta) ☎054-623-2554

■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo.

| Konsultasyon | Araw at Oras | Matatawagan atbp. | Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa pagbabayad ng Buwis 【Enero】 | 【Lunes～Biyernes】 8:30am-12noon,1:00pm-4:30pm 【Konsulta sa gabi/Huwebes】 ←Walang Interpreter. **Enero 8,15,22,29** 5:15pm～7:00pm 【Konsultasyon sa Linggo】 **Enero 25** 9:00am-12:00noon | Yaizu City Hall Seksyon ukol sa pagbabayad sa buwis **(Yaizu Shiyakusho Nozei Sokushinka)** ☏054-626-1140 ☏054-626-2148 | Kung hindi mababayaran ang buwis sa takdang petsa ng pagbayad, magpunta at komunsulta. ※May interpreter sa wikang Tagalog,Bisaya,English,Portuguese sa araw ng linggo. |
| VISA | Lunes~Biyernes 8:30am~5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa residenteng dayuhan (Nagoya) ☏0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa, proseso sa visa at iba pa. **(English・Korean・Chinese・Spanish atbp.)** |

## ■Iskedyul ng Ospital/Klinika at Botika sa Linggo at Holiday (Enero)■ ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am～5:00pm (Ang may marka na ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista・・・9:00am~3:00pm】

**【Enero 1(Huwebes・Holiday)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Nogaki clinic (Ishizu2) ☎656-0101 **SHONI-KA(Pediatric)** Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 **GE-KA(External Medicine)** Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎620-3717 **SHI-KA(Dentistry)** Kawano shika (Dobara) ☎639-6801 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606

**【Enero 2(Biyernes)】** **NAI-KA(Internal)/GE-KA(External Medicine)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎628-5500 **SHONI-KA(Pediatric)** Yamamoto shonika (Ishizu2) ☎656-0100 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Fujieda shinryojo☆ (Fujieda-shi Takasu) ☎635-8749 **SHI-KA(Dentistry)** Ueno shika iin (Munadaka) ☎622-6676 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005

**【Enero 3(Sabado)】** **NAI-KA(Intern.Med.)** Takahashi naika iin (Yaizu 1) ☎627-0320, Yokoyama shokaki naika☆ (Shimokosugi) ☎622-0045 **SHONI-KA(Pediatric)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 **GE-KA(External Medicine)** Okubo iin (kamikosugi) ☎622-2500 **SHI-KA(Dentistry)** Aoki shika (Ishizu) ☎625-1870 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yaizu senta yakkyoku (Yaizu 1) ☎626-8892, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☎664-2151

**【Enero 4(Linggo)】** **NAI-KA(Intern.Med.) / SHONI-KA(Pediatric)** Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321 **NAI-KA(I.M)/GE-KA(E.M.)/SANFUJIN-KA(OB-GYN/JIBI-KA(ENT)** Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 **SHI-KA(Dentistry)** Tateishi shika clinic (Oyaizu) ☎668-9082 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten(Tajiri) ☎656-2233

**【Enero 11(Linggo)】** **NAI-KA(Intern.Med.)** Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☎620-9191 **SHONI-KA(Pediatric)** Ashida clinic (Yosoji1) ☎623-5656 **GE-KA(Extern.Med.)** Kanai seikeigeka (Omura 2) ☎621-1211 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Fujieda jibika☆(Fujieda-shi kamiyabuta) ☎648-1000 **SHI-KA(Dentistry)** Toyoda shika clinic (Kohiji) ☎629-6600 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☎621-7200, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000

**【Enero 12(Lunes・Holiday)】** **NAI-KA(Intern.Med.)** Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☎621-1111 **NAI-KA(Intern.Med.) / SHONI-KA(Pediatric)** Nakayama clinic (Shimooda) ☎623-0090, Takii clinic☆(Aikawa) ☎622-8525 **GE-KA(Extern.Med.)** Taniguchi seikei geka iin (Koyashiki) ☎627-2020 **SHI-KA(Dentistry)** Kogawa yamada shika (Kogawashinmachi 2) ☎639-6690 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎631-6090, Yunisumairu yakkyoku Ishizu-ten(Ishizuminatocho) ☎623-9311

**【Enero 18(Linggo)】** **NAI-KA(Intern.Med.)** Yamashita naika iin (Honmachi 2) ☎628-2733 **SHONI-KA(Pediatric)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☎628-7289 **GE-KA(Extern.Med.)** Koido icho clinic (Kohiji) ☎621-5100 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Matsunaga jibi inkoka clinic ☆(Fujieda-shi Ekimae 2) ☎645-3387 **GAN-KA** Yaizu ekimae ganka (Ekikita 1) ☎626-8240 **SHI-KA(Dentistry)** Akahori shika iin(Yoshinaga) ☎622-5800 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771,Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Kyorindo yakkyoku nishi yaizu ekikita-ten (Koyashiki) ☎621-5411

**【Enero 25(Linggo)】** **NAI-KA(Intern.Med.)** Fukumura clinic (Daieicho 2) ☎627-1228 **SHONI-KA(Pediatric)** Nakagami iin (Nakashinden) ☎623-0805 **GE-KA(External Medicine)** Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎620-3717 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Kameyama shika iin (Gokahorinouchi) ☎626-5233 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎629-8862, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☎624-9390, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500

## ■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

Lugar: Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta（Fujieda Shi Setoaraya 362-1）☏054-644-0099
Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas
Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**< Enero 3(Sabado),11(Linggo),17(Sabado),25(Linggo),31(Linggo) >**

Mga dadalhin:

- Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance:Maina Hokensho** o Sertipiko ng Kumpirmasyon ng Elihibilidad:**Shikaku Kakuninsho**
- Sertipiko ng Benipisyaryo ng Medikal na gastusin ng mga bata:**Kodomo Iryohi Jukyushasho**,Aklat-talaan ng Kalusugan ng Mag-ina:**Boshi (Kenko) Techo** atbp.
- Recordbook ng Medikasyon sa Gamot:**Okusuri Techo**